

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN
NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA GIDANAP NOONG MAYO 16, 1994,
9:05 NG UPAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Jesus M. Dimapilis	- Pang. Punong Bayan Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Dumalo:

Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- ABC President

KAPASYAHAN BIG. 50
Taong 1994

KAPASYAHAN NG PAGPAPAABOT NG PALUGOD AT TAUSPUSONG
PAGBATI SA MGA BAGONG HALAL NA PAMUNUANG BARANGAY
NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, sa nakaraang halalang pambarangay, pinatunayan ng mga mamamayan ang kanilang harapan sa paghahalal sa pamamagitan ng pagluluklok sa kasalukuyang pamunuang barangay na pinili mula sa napakaraming naghahangad ng paglilingkod sa mamamayan;

SAPAGKA'T, sa paglalagay na ito sa pwesto ng kasalukuyang pamunuang barangay ay kalakip ang pagtitiwala at pag-asang ang mga lider na ito ay gaganap nang maayos at matapat sa mga tungkuling inilatag sa kanila ng batas para sa kagalingan at kapakinabangan hindi lamang ng mga mamamayan ng sari-sariling barangay kundi ng buong mamamayan ng Roxas;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito ay nagpahayag ng pagpapaabot ng mainit at tauspusong pagbati sa lahat ng mga pamunuan ng mga barangay ng bayang ito kalakip ang hangad na sana'y maging katuwag kayo sa pagsasagawa ng mga tungkulin at responsibilidad na inilatag sa ating mga halal na opisyal ng Local Government Code of 1991, gayundin ang pag-asang sa inyong mahalagang pamumuno sa mga barangay ay maipamalas ang integridad, pagtitiyaga at mahusay na pamamalakad at pagsisikap sa mga gawain at mga proyektong naghahayag ng nagandang larawan ng buong pamahalaang lokal.

Sanfelic

[Signature]

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Honesto O. Taytay na inayunan ng lahat -


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang malugod at taupusong pagbati ng Sangguniang Bayang ito sa mga bagong halal na pamunuang barangay ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na pedalahan ng sipi ng kapasyahang ito lahat ng mga Pamunuang Barangay ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat.

Mayo 16, 1994

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. MORALES
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

CELACIO I. YASON
Punong Bayan

mercy/